# 1

"You may kiss the bride."

Umugong ang palakpakan sa loob ng *Sto. Domingo Church* sa huling sinabi ng pari. Ganap na ngang mag-asawa sina Eugene at Wyla.

Sa totoo lang kanina pa gustong mag-walk out ni Abby sa seremonyang iyon ngunit ayaw niyang gumawa ng eksena. Kanina pa mabigat ang ulo niya at para siyang mahihimatay sa tuwing tatayo siya.

Sa loob ng mahabang panahon—eight years to be exact—ay lagi niyang iniiwasan ang pag-attend sa kahit kaninong wedding ceremonies. Pero ngayon ay hindi siya makaiwas. Unang-una, isa siya sa mga abay at pangalawa, ang bride na si Wyla ay kapatid ng kanyang fiancé na si William.

Poor William. Wala itong kamalay-malay na ang future wife nito ay nakalakad na rin sa aisle ng isang simbahang kagaya niyon, naiharap na sa dambana at nakipag-exchange na ng 'I do's' eight years ago.

Ayaw man ni Abby na maalala pa ang mga eksena ay pilit iyong bumabalik sa kanyang isipan. Ang paglalakad niya palapit sa altar with his father

on her right side and her mother on her left. Inihatid siya ng mga ito palapit sa kanyang groom na si Gael, ang bunsong anak ng isa sa pinakamayayaman at maiimpluwensyang angkan sa Davao. Eighteen years old pa lamang siya noon at feeling niya ay siya ang bida sa isang fairy tale at si Gael ang kanyang Prince Charming.

Pero ngayon, after eight long years, alam na niyang hindi lahat ng fairy tales ay may happy ending. Twenty-six na siya and she matured a lot since that painful event early in her life.

Nahalata ng katabi niyang babae na isa rin sa secondary sponsors, ang panlalambot niya. Pinsan ito nina William at Wyla. "Abby, are you okay? Namumutla ka?"

Napatingin siya sa babae. Halata ang concern nito sa kanya. "I'm okay, thanks," tanging nasabi niya kahit taliwas doon ang nararamdaman niya. Mukha namang hindi kumbinsido ang kausap ngunit hindi na ito kumibo pa.

Hinanap ng mga mata niya si William. Naroon pa rin ito sa kabilang panig ng simbahan kasama ng iba pang kalalakihang pawang mga abay rin. Napatingin ito sa kanya at mayamaya pa ay lumapit sa kanya.

"Sweetie, tara," aya nito. "Picture-taking na."

Tatanggi pa sana si Abby ngunit kaagad na siyang naigiya nito palapit sa altar. Ilang minuto rin ang itinagal ng picture-taking bago sila dumirecho sa isang sikat na resort para sa dinner reception. Ayaw na sana ni Abby na sumama pa pero ayaw niyang masira ang magandang mood ni William.

Dinagdagan niya ang natitira pa niyang lakas sa pamamagitan ng pagkain ng marami. Inenjoy niya ang mga putaheng nasa table nila: sugpo kare-kare, rellenong bangus, chicken roll, steak, at iba pa. Pati mga desserts ay hindi niya rin tinantanan.

Nang makakain ay pinilit niyang pasiglahin ang sarili. Nakipagkuwentuhan siya sa iba pang mga bisita. Mayamaya pa ay inaya siya ni William na sumayaw sa saliw ng mga piling-piling wedding songs. Kasabay nila sa dance floor ang bagong kasal at iba pang couples.

Nag-ring ang cellphone ni William kaya napilitan si William na ibalik sa table nila. "I'll be back soon. May phone call lang ako galing hospital," masuyong paalam sa kanya ng nobyong doktor na sinagot naman niya ng tango.

Nang nag-iisa na si Abby sa table dahil karamihan

ng mga bisita ay nag-e-enjoy pa sa pagsasayaw ay muli niyang naramdaman ang pananakit ng ulo. Dagdag pa ang feeling na may mga matang nakatingin sa kanya. Napilitan siyang tumayo at binitbit ang kanyang handbag. Nagtungo siya sa isa sa mga private rooms sa resort na nagsilbing dressing room nila ng iba pang bridesmaids. Balak niyang magpalit ng damit mula sa kanyang gown.

Ilang minuto pa siyang nahiga muna bago nagpalit ng mas komportableng damit. White square pants at printed na spaghetti strapped blouse na may lace accents ang pinalit niya. Hinayaan lang niya ang naka-french twist niyang buhok at nag-retouch lang siya ng makeup.

Babalik na siya sa kanilang table. Ayaw niyang paghintayin nang matagal si William dahil alam niyang maaaring nakabalik na ito mula sa pakikipag-usap nito sa telepono.

Paglabas niya ng kuwarto ay naroon pa rin ang pakiramdam na may nagmamasid sa kanya. Bigla tuloy siyang kinilabutan nang sapitin niya ang madilim na bahagi ng hallway. Binilisan na lang niya ang paghakbang at walang anu-ano pa ay naroon na ulit siya sa mesang iniwan kanina. Naroon na rin si William na akmang tatawagan na siya sa cellphone.

"Where have you been? Akala ko na-kidnap ka na," biro nito nang masilayan siya. "You're gorgeous, sweetie. You still look great even with that simple outfit on."

Tipid na ngiti lang ang iginanti ni Abby sa compliment ng lalaki. Nagpapak sila ng finger food habang nagmamasid sa ilan pang bisitang nasa paligid. Bumubuwelo pa siya para sabihin kay William na ihatid na siya pauwi. Mayamaya pa ay nag-ring ang cellphone niya. Naisip niyang good excuse iyon para makauwi na siya. Sinenyasan niya si William at saka lumayo para sagutin ang tumatawag.

Ang mommy niya ang nasa kabilang linya. Nangungumusta lang. Matagal na rin kasi siyang hindi nakakauwi sa Davao at nami-miss na rin niya ang ina. Hindi nga nito alam na galing siya sa kasalan at ayaw niya ring ipaalam iyon. Lumabas na siya ng party lounge para hindi marinig ng kausap ang ingay sa loob.

Nang matapos ang ilang minuto rin ng kuwentuhan ay nagpaalam na siya sa ina. Balak niyang sabihin kay William na kailangan na niyang umuwi kaagad sa condominium unit nila ng kaibigang si Tessa dahil may importante pa siyang gagawin. Pabalik na siya ng lounge nang may narinig

siyang boses mula sa kanyang likuran.

"Hello, Abby baby."

Mahina lang ang boses na iyon pero kaagad niya iyong nakilala. Iisang tao lang ang tumatawag ng ganoon sa kanya. Kahit nag-mature ang boses ay hindi niya iyon maaaring maipagkamali.

Kaagad siyang napalingon sa pinagmulan ng tinig. Gusto niyang isipin na si William lang iyon. Naaninag niya sa malamlam na liwanag ang lalaki. Matangkad, moreno, mga matang nakatago sa likod ng de-gradong salamin, matangos ang ilong, maninipis ang mga labi. Walang iba kundi si Gael Pervado! Ang ex-husband niya!

---

Hindi pa pala tapos ang iniisip ni Abby na parusa sa kanya ng araw na iyon. Muli ay naramdaman niya ang pamimigat ng ulo at ang tila pagkawala ng dugo sa mukha niya. Hindi lang iyon, nanginginig pa siya ngayon.

Bagaman nag-mature ay iyon pa rin ang dating hitsura ni Gael. He was the perfect example of the tall, dark and handsome type. Sinubok pa ni Abby na kumurap-kurap at baka namamalik-mata lang siya at dahil doon ay lalo lang siyang nahilo at na-out

of balance siya. Pakiramdam niya ay mahihimatay siya.

To the rescue naman ang lalaki at kaagad siyang inalalayan. Napasandal siya sa dibdib nito at naamoy niya ang manly scent nito na pinabango pa ng after-shave cologne nito. Naalala niya ang dating masarap na yakap nito sa kanya at ang pagyakap niya rin dito. Gaya ng dati, hindi niya napigilang madala sa eksena ng paglalapit nila.

Walang anu-ano ay biglang lapit naman si William na nainip na sa paghihintay sa kanya.

"Sweetie, what happened?" nag-aalalang tanong nito at ito naman ang yumakap sa kanya.

Biglang natauhan si Abby sa boses at presensya ng nobyo. "Nahilo lang ako bigla." Kumapit siya sa braso nito.

"Gusto mo ihatid na kita?"

"Okay lang ba?"

"Oo naman. Paalam na tayo. Babalik na lang ako."

Tatangu-tango lang si Abby at hindi makatingin sa dalawang lalaki.

"Gael, pare. Salamat. At pasensya ka na nga pala." Tinapik pa ni William si Gael sa balikat. "Ihatid ko muna fiancee ko, pagbalik ko saka na lang tayo magkuwentuhan, pare."

*Pare?* Parang gusto na talaga ni Abby na mahimatay nang tuluyan. Magkakilala sina William at Gael? Ang lalaking dati niyang asawa at ang lalaking nakatakda nang mapangasawa niya in a few months time? Talaga bang mapaglaro ang tadhana?

Hindi na niya narinig pa ang mga isinagot ni Gael. The next thing she knew, nandoon na sila sa pinto ng condominium unit na tinutuluyan nila ni Tessa.

"Tulog na yata si Tessa. Sabi ko kasi isama mo, eh."

Kumatok lang si Abby sa pinto at sinadyang hindi sagutin ang sinabi ni William.

"O, ang aga n'yo. I thought past midnight pa kayo dadating. Wala ba ko'ng pasalubong?" bungad sa kanila ng komedyante at kikay na kaibigan.

Hindi ulit pinansin ni Abby ang sinabi nito at nagtuloy lang siya ng pagpasok.

Si William ang sumagot. "Sorry. Nagmamadali

nang umuwi 'tong kaibigan mo, eh. Masama ang pakiramdam."

"Oh, I see." Nakaramdam kaagad si Tessa ng hindi magandang nangyayari sa kaibigan, kaya hindi na rin nito kinausap pa si William. Inalalayan nito si Abby paupo sa sofa.

Nagpaalam na si William sa dalawa. "Inom ka ng gamot, sweetie, ha. I'll call you later." Humalik ito sa pisngi ni Abby bago bumaling kay Tessa. "I'd better go. Babalik muna ako sa party. Bahala ka na sa kaibigan mo."

"Okay, ingat." Isinara ni Tessa ang pinto nang makalabas ang lalaki. Matapos ay naupo ito sa sofa katabi ng kaibigan. "Now, tell me what happened." Daig pa nito ang naglilitis na abogado.

Napatingin lang si Abby kay Tessa. "Tell you what?" Napahawak siya sa sintido na bigla na namang kumirot.

"Oh, c'mon. I'm not blind. At lalong hindi ako stupid. As if naman I don't know you. Alam ko kung kelan ka okay at kelan hindi."

Napatayo lang si Abby. Hindi pa siya handang mag-open up sa kaibigan. Nakaya niyang maglakad nang paunti-unti patungo sa kuwarto nila. Nakamasid

lang sa kanya si Tessa.

Nang makapagbihis ng shorts at t-shirt si Abby ay siya namang pagpasok ni Tessa. May dala na itong baso ng gatas at gamot. “O, inumin mo ‘to. It will make you feel good.”

Dali siyang sumunod sa sinabi ng kaibigan.

“Anytime na ready ka nang magkuwento, kahit tulog na ‘ko gisingin mo lang ako, ha?” sabi ni Tessa pagkaligpit ng baso. Nahiga na ito sa sarili nitong kama habang si Abby ay naka-indian seat sa kama niya. Siya naman ang nagmasid sa kaibigan hanggang sa magtalukbong ito.

Ilang minuto pa ang lumipas at hindi na nakapagpigil si Abby. Pakiramdam niya kasi ay sasabog na ang dibdib niya sa patuloy na itinatagong lihim na kahit na si Tessa na walong taon na rin niyang kasama ay walang nalalaman.

“Bes…” tawag niya sa kaibigan.

Kaagad itong bumalikwas ng bangon. “Yes? Anything?”

Isang buntong-hininga muna ang pinakawalan ni Abby. “Best, magagalit ka ba sa ‘kin ‘pag nalaman mong may itinatago pala ‘ko sa ‘yo?”

Napaisip si Tessa. "Seryoso 'to?"

"Oo naman. Nahihirapan na nga ako, eh."

"I'm sorry. Seryoso nga 'to." Lumapit ito sa kanya at sa kama niya ito nahiga. "Ano ba 'yon?"

"Magagalit ka nga?" tanong ulit niya.

Nagkibit-balikat lang si Tessa. "Depende. Ano ba kasi 'yon? Naiintriga na 'ko."

Isa pang mas malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Abby.

"Ang lalim naman n'yan," komento ni Tessa. "You know what? Nang una kitang nakita, eight years ago, bagong transfer ka pa lang sa university." Napatawa pa ito nang bahagya. "Mukha ka pa ngang high schooler n'on eh, kahit kolehiyala ka na. Tapos nalaman ko na nag-suffer ka from emotional breakdown. Naging kaibigan mo ako, pero hindi ako nagtanong pa. Sabi ko sa sarili ko, sasabihin mo rin naman. Now, why do I have this feeling na you're suffering from same 'illness' again? I also have this feeling na this time, you'll tell me everything."

Ilang saglit na natahimik ang kuwarto nila. Nakamasid lang sila sa isa't isa. Pinag-aaralan niya ang mukha ng kaibigan. Alam niyang

mapagkakatiwalaan naman niya ito at handa na talaga siyang sabihin ang lahat-lahat dito. Alam niyang tunay itong kaibigan at nararamdaman nito ang kung anumang nararamdaman niya ngayon.

"Yeah. You're right. I think it's about time I tell you everything about me."

"I'm listening." Hinawakan pa nito ang kamay niya.

"I was married eight years ago." Iyon kaagad ang kanyang nasabi.

"What?" Napabalikwas ito ng bangon.

"I got married. Married as in ikinasal. Gaya ng nangyari kina Wyla at Eugene kanina."

"Oh…" Napatakip sa bibig si Tessa. "Then?"

"Then it was annulled the next day."

"Oh my God! Wait... eight years ago? So you're just—"

"I was eighteen then, sophomore in college. Maayos na sana ang buhay ko until I met Gael Pervado."

"Pervado? Sounds familiar."

"Yeah. The Pervados own a lot of businesses here in the country. Hindi lang iilang beses na na-feature sila sa business pages ng newspapers pati sa mga business shows sa TV. Gael is the youngest son of Don Manuel and Doña Antonia Pervado. I think they all migrated to the States after the failure of our 'marriage.'"

"How old was Gael then?"

"Twenty-four."

"You're too young for him. Was he goodlooking?"

Naalala ni Abby ang hitsura ni Gael noon at ngayon. "Yeah. Damn goodlooking."

"Oh. I supposed it was a bad case of love at first sight."

"Siguro nga. I met him in the morning. Hindi na niya 'ko tinantanan. Naniwala naman ako. Nang sumapit ang gabi naging kami na. After a month, inaayos na ang kasal namin."

"Ang bilis naman. Bakit? May nangyari na ba sa inyo?"

"'Yon na nga, eh. Ang dami nang times na muntik nang may mangyari sa 'min. Ilang beses na 'yong pagkakataon at ilang beses na rin niya 'kong inaya

to sleep with him. Pero sorry na lang siya, dalagang Filipina 'to, eh. At hindi gan'on ang pagpapalaki sa 'kin ng parents ko.  Kaya inapura na rin namin 'yong kasal. Pumayag kaagad ako kasi gusto ko rin naman, eh. Actually, ilang beses na rin akong muntik nang bumigay kung hindi ko lang iniisip ang kahihiyan ko."

"Gaga! Tapos?"

"'Yon nga, natuloy rin 'yong kasal despite the objections of our parents. Ayaw ng mga parents ko kasi nga bata pa 'ko. Ayaw ng parents niya dahil may iba silang gusto. Si Trixie, anak ng mayamang pamilya rin."

"Bakit? Mayaman ka rin naman, ah."

"Oo nga pero hindi singyaman nila. The two families own almost half of Davao."

Napakibit-balikat na lang si Tessa. "Then?"

Nagpatuloy ng kuwento si Abby. "As I said, ayaw ng mga parents namin pero wala silang nagawa. Ang lakas ng physical attraction namin sa isa't isa. Hindi na makapaghintay si Gael at ako na rin, kaso nga ayokong gawin 'yon na hindi pa kami kasal. Ang stupid ko, 'no? Hindi ko pa namin kilala ang isa't isa. Hindi ko na naisip na ang panandaliang ligaya ay

puwede palang maging panghabambuhay na dusa."

"You're not stupid. Siguro nain-love lang talaga ang batang puso mo."

"Siguro nga. Never ko pa ring naramdaman 'yon sa mga naging boyfriend ko bago ko siya nakilala. Kahit pa kay Aljon."

"At sino naman si Aljon?"

"Siya 'yong boyfriend ko bago si Gael."

"I don't care about this Aljon. B'alik tayo kay Gael. Alam mo, ibang klase rin siya, ha? Kasi if you really didn't sleep together dahil ayaw mong pumayag, madali lang naman para sa kanya na maghanap ng iba na mas willing at with no strings attached pa di ba? Yet, pinakasalan ka pa rin niya despite the objections of both your parents. Baka mahal ka rin niya talaga."

"Tingin mo? Would it make a difference if I had slept with him before we got married?" Napaisip si Abby. Ngunit kaagad ring bumuwelta. "I doubt it. At hindi natin puwedeng i-echapuwera si Aljon sa istorya. He played a big role in the annulment. Gusto mo pa bang malaman?"

"How exciting. C'mon." Hinagilap ni Tessa ang

sigarilyo at lighter nito. "Nate-tense ako."

"After the reception, sa isang five-star hotel kami tumuloy. Kinabukasan pa kasi 'yong flight namin for Manila and then for Paris para sa honeymoon. Nang kaming dalawa na lang sa hotel room, siyempre sa'n pa ba tutuloy 'yon? We were just in the heat of the moment nang may biglang kumatok sa pinto. Ayaw sana naming pansinin pero ayaw tumigil. Inisip namin baka emergency."

"Ano pala?"

"Isang lalaki, may iniabot na package. May nagpapabigay lang daw, importante. 'Tapos bigla na lang umalis."

"Ano laman ng package?"

"A brown envelope that ended it all." Gusto nang maiyak ni Abby.

"H'wag ka munang umiyak. Ituloy mo muna ang kuwento mo."

Nanatili lang siyang tahimik at nakatingin sa kawalan. Gusto na talagang pumatak ng luha niya. Tinapik lang siya ni Tessa kaya itinuloy na niya ang kuwento. "Thinking na importante talaga 'yong nasa loob ng envelope, binuksan kaagad 'yon ni Gael.

Nang nakita niya ang nasa loob, hindi ko na ma-describe 'yong naging reaction niya.

"Lumapit pa 'ko sa kanya para itanong kung laman ng envelope. Hindi siya sumagot. He just looked at me and I can feel the heat in his eyes. I asked him again at hindi pa rin siya sumagot. Instead he threw the envelope on the far side of the room tapos hinawakan niya ako sa mga balikat ko. He shook me, galit na galit siya. Kulang na lang sakalin niya ako."

"Bakit?" tanong ni Tessa.

"Hindi ko pa alam. Basta sinabi niya sa 'kin, 'You're a liar! You cheated me! I could kill you now!' He shook me harder hanggang sa nasasaktan na 'ko. Hanggang sa humingi na 'ko ng saklolo. When I was screaming already saka lang niya ako binitiwan. Napasalampak na lang ako sa sobrang panghihina ko. Nagbihis lang siya then he left me alone in the room."

"'Tapos?"

"Tinawagan ko mom ko. The next thing I knew, my mom and dad were helping me get to my feet. Tinatanong nila ako pero hindi ko pa rin maintindihan 'yong mga nangyari. I was in a state of

shock. Then naalala ko 'yong envelope. I was sure na 'yong galit ni Gael had something to do with it. Kaya kahit nanghihina pa 'ko dinampot ko 'yong tinapon niyang envelope.

"Then…" Hindi na makapaghintay si Tessa.

"May laman ang envelope na isang picture the size of a short bond paper."

"What was on the picture?"

"It was me and Aljon. Nakayakap siya sa 'kin. Naka-shorts lang siya and I was only wearing a pair of black bikini with my bra straps unfastened at the back. Napaka-romantic ng hitsura namin sa picture. His face was near mine and it looked like we were kissing." Tuluyan nang napaiyak si Abby. Inalo naman siya ni Tessa.

"So, gan'on ba talaga?" tanong nito.

Napatingin si Abby sa kaibigan. Nagtatanong ang mga mata. "Ang alin?"

"Gan'on ba talaga 'yon? Magkayakap ba talaga kayo? Kissing? What?"

"Of course not."

"So, are you telling me na peke 'yong picture?"

"The picture was real all right, pero mali ang sinasabi niyon."

"What do you mean?"

"There was nothing passionate going on between me and Aljon kahit na noong kami pa."

"Eh, ano nga?"

"I knew where and when the picture was taken."

"Go on."

"Have I told you that Aljon was my classmate then? So kahit hindi na kami, eh madalas pa rin kaming magkasama. One time, we went out on a gimmick with some friends. Nakarating kami sa bahay ng isa pang kaibigan. We didn't know that this friend owns a pool and it was really inviting. We didn't bring any swimsuits. 'Yong mga boys nag-swim wearing their boxer shorts and even briefs. Kinantiyawan kaming mga girls to go on the water with our undies na lang daw. Suwerte ko pa nga na I was wearing a pair of black bra and bikini na hindi masyadong bulgar."

Tuloy pa rin ng kuwento ni Abby habang interesado pa rin sa pagkikinig si Tessa. "Then after some sabuyan and laro on the water, nagkaroon

kami ng time na makapag-usap ni Aljon sa isang tagong lugar sa garden. Hindi kasi naging maganda 'yong break-up namin so I thought it was a good time patch things up. Saka tutal naman ikakasal na ako n'on kay Gael nga. Kaso bigla na lang niya akong niyakap at pinipilit halikan.

"Hindi naman siya dating gan'on. He was a gentleman. Naisip ko na nakainom na kasi sila n'on. Sa pagpupumiglas ko siguro kaya nagkatanggalan 'yong straps ng bra ko. Siguro noon na kami nakuhanan ng picture. I didn't know if it was done deliberately or not. 'Tapos he just apologized to me na parang walang nangyari. I accepted his apology but I never talked to him again."

"Hindi mo man lang naipaliwanag 'yan kay Gael?"

"I was sure he wouldn't listen."

"You should have at least tried."

Napabuntong-hininga ulit si Abby. "I haven't told you yet that the picture had a note on it saying, *'your bride is pregnant. Ipapaako niya lang sa 'yo ang responsibilidad dahil tinanggihan ko siya.'*"

Nang mahimasmasan si Abby sa pag-iyak ay itinuloy niya pa ang kuwento kay Tessa.

“Kinabukasan, nasa bahay na namin ‘yong mga lawyers ni Gael. Pinapipirma na sa ‘kin ‘yong annulment papers. Siyempre hindi ko muna kaagad pinirmahan ‘yon. Gusto ko munang makausap si Gael. Pinuntahan ko siya sa kanila kahit halos ipahabol nila ako sa aso. Wala ring nangyari. Kung anu-anong masasamang salita lang ang narinig ko sa kanila. And I finally gave up. I signed the annulment papers. That night, I heard that Gael and Trixie flew to Paris. Two weeks after, nabalitaan na lang namin that the two families went to the States and stayed there for good.”

“Then ikaw naman, dito sa Manila nag-migrate?” pilit pagpapatawa ni Tessa.

“Hindi pa. Summer vacation pa lang n’on. Nakausap ko pa si Aljon. Pinuntahan niya ‘ko sa bahay. Nakokonsyensya na raw kasi siya. Sinisisi niya ang sarili niya sa mga nangyari sa ‘kin. Humingi siya ng tawad. Sampalin ko na lang daw siya. Kahit ano raw ang gusto kong gawin sa kanya para mabayaran ‘yong mga nagawa niya. Hindi naman daw niya ginusto ‘yon.

“Napasubo na lang daw siya. Planado pala niya

ang lahat ng nangyari. Malaki pala ang utang ng pamilya niya sa kapatid ni Trixie at nalaman iyon ng malditang babaeng 'yon. Kaya inutusan si Aljon na gawin ang mga ginawa niya para magkasira kami ni Gael at kakalimutan na lang daw nila ang utang." Muling napaiyak si Abby. Napayakap siya kay Tessa.

"Hindi mo ba naisip na sundan si Gael sa Amerika at ipaglaban ang pag-ibig mo."

"Siyempre naisip ko 'yon." Napapahikbi pa siya. "Pero hindi na 'ko pinayagan ng parents ko. Para ano pa raw, pagmumukhain ko lang daw na kawawa 'yong sarili ko. Nagawa na raw niya akong saktan, magagawa niya raw ulit. At saka kung sakaling maayos raw kaming dalawa, hindi rin daw titigil 'yong family niya na siraan kami dahil ayaw nga nila sa 'kin. Besides, baka nagsasama na rin sila ni Trixie by that time. So, I finally decided na kalimutan na lang lahat ng nangyari."

"At napadpad ka na dito?"

"Sobrang kahihiyan kasi 'yong nangyari sa 'kin sa Davao kaya nagpahatid na lang ako dito para dito na lang umpisahan ang paglimot."

"Nakalimot ka nga ba?"

Hindi nakakibo si Abby sa tanong ng kaibigan.

“Mahal mo pa rin si Gael, ‘no?” Si Tessa ulit.

Bigla naman natauhan si Abby sa salitang ‘mahal’. “Ano ba? Matagal na ‘yon. Nasasaktan pa rin ako kaya ako nagkakaganito. Saka ikakasal na ‘ko kay William.”

“Alam ba ni William ang lahat ng ito?”

“Sa tingin mo ba ipapaalam ko pa sa kanya ang tungkol sa kasal na ‘yon? Kung matatawag ngang kasal iyon.”

“Pa’no kung malaman niya?”

“’Yon na nga eh. Nakakapag-move on na nga ako. Pero after eight long years, I saw Gael again kanina sa reception. Gael and William know each other.”

“Oh. Pa’no nangyari ‘yon?”

“Hindi ko pa alam.”

“Ano’ng balak mo ngayon?”

“Hindi ko pa rin alam.” Naiiyak uli si Abby.

“Tahan na. Sigurado akong may purpose ang Diyos kung ba’t nangyayari sa lahat ng ‘to. Magpahinga ka na muna. Everything will be okay in time.”

# 2

"Ano ba!"

Napasigaw si Abby at napahampas sa manibela ng kotse niya dahil sa sobrang pagkainis sa pagkakaipit sa matinding traffic sa gitna ng EDSA.

Nakikipagsabayan pa ang matinding trapiko ng umagang iyon sa init ng ulo niya. Alas diez y medya na ng umaga. Nakatakda siyang um-attend sa isang importanteng meeting ng kompanya. Dati-rati ay maaga siyang pumapasok sa opisina ngunit ngayon ay tamad na tamad siya at hindi na nga sana papasok pa kung di nga lang importante ang meeting na iyon na gaganapin sa alas onse.

Si Abby ang marketing manager ng *CZAR, Inc.*, a prestigious leader in the industry of car dealership. The company was involved in manufacturing and selling of modern and premium quality cars. She had been in the company for almost six years now.

Malaki ang naitulong niya bilang marketing manager sa pagpapaangat ng benta ng mga kotse ng kompanya nila. Nakatanggap din ng iba't ibang parangal ang kompanya na may kinalaman sa

marketing strategies na ginawa niya.

At ang ikinasasama ng loob ni Abby ngayon, ang dahilan ng pagkainit ng ulo niya at ng pagkatamad bukod pa sa depression ng nagdaang araw nang muli niyang makita ang dating asawa, ay ang naging pag-uusap nila ng company president nang nagdaang linggo.

*"We need to hire a marketing consultant to help us further increase our sales and market share,"sabi ni Mr. Phillip Brooks, ang Fil-Am boss ni Abby.*

*Napataas ang kilay niya at hindi nakapagsalita sa narinig. Nanlumo siya at napasandal sa kinauupuang silya sa harap ng executive table ng matanda sa loob ng opisina nito nang malaman ang dahilan ng biglaang pagpapatawag nito sa kanya.*

Kulang pa ba 'yung mga ginagawa ko? *naghihinanakit na tanong niya sa sarili ngunit hindi na niya naibulalas pa ang sama ng loob.*

*"If you think it's for the good of the company, I have no objections, Sir."*

*"That's good. So, I'll expect you to attend our meeting on Monday so you'll get to meet the newly-hired consultant."*

Meron na po pala kayong na-hire, eh. Wala nang silbi na makipagdebate pa 'ko*, aniya sa sarili. "Yes, Sir."*

Ngayon naisip ni Abby na mukhang mali yata siya ng sagot sa boss niya sa nagdaang pag-uusap na iyon. Gusto nga ba niyang makilala ang kung sino mang tinutukoy na consultant?

Nagngitngit talaga ang kalooban niya sa sama ng loob. Pinindot niya ang busina ng kotse at bumusina ng pagkahaba-haba ngunit hindi pa rin natinag ang bumper to bumper na traffic.

Ilang minuto pa ang lumipas at bahagya namang lumuwag ang traffic. Ngunit mayroon na namang nagpainit sa ulo ni Abby. Isang *Nissan Frontier* pick-up ang nag-over take sa kotse niya at muntik muntikan nang magasgasan ang sasakyan niya dahil sa pagpupumilit niyong makalusot.

Hindi man niya naaninag ang sakay ng pick-up ay para namang biglang kinabahan si Abby. Para kasing si Gael ang nagmamaneho niyon! Kaagad niyang inalis sa isip ang ideyang iyon. Nanalangin na lang siya na sana ay hindi na niya muling makita ang lalaki.

Ilang minuto pa ay naiparada na ni Abby

ang kotse niya sa parking area ng building nila. Nagmamadali siyang bumaba dala ang ilang folders para sa meeting. Limang minuto na lang at alas onse na. Nasa sixth floor pa ang conference room. Ayaw sana niyang ma-late dahil baka lalo siyang malintikan sa mga bosses na ka-meeting niya.

Habang naglalakad papasok sa lobby ng building ay isa-isa niyang tsinetsek ang mga dalang folders. Mabibilis ang hakbang niya at hindi namalayang babangga na pala siya sa sinusundang lalaki. At sumalpok nga siya sa nakatalikod na lalaki at nagkalaglagan ang mga dala-dala niya.

Napalingon sa kanya ang lalaki at nagkatinginan sila. Para siyang binuhusan ng suka sa pagkawala ng dugo sa mukha niya. Si Gael ang lalaki!

Mabilis siyang nakabawi sa pagkagulat. Hinihintay niyang tulungan siya nito na damputin ang mga nahulog na dala niya ngunit hindi nito ginawa. Sa halip, blanko lang ang ekspresyon nito at inayos lang ang kuwelyo ng suot nitong amerikana saka nagpatuloy sa paglalakad. Naiwan siyang mag-isang pinupulot ang mga gamit niya sa sahig.

Talaga yatang sinusubukan ng pagkakataon at nakasabay pa ni Abby sa elevator ang iniiwasang lalaki. Gaya kanina ay deadma pa rin ito. Ni hindi

siya tiningnan nang pahabol siyang pumasok ng elevator at ni hindi siya sinulyapan habang halos magkadikit ang mga katawan niya.

Palaisipan tuloy sa kanya kung saan sa building na iyon ang sadya ng lalaki. Kung bibili man ito ng kotse ay nasa lobby ang showroom nila pati ang sales office. Sa second floor naman ay leased offices ng iba't ibang insurance companies. Sa fourth floor naman ay advertising agency. Sa fifth floor ay ang opisina ng accounting, finance at marketing department ng *CZAR, Inc.* Nasa sixth floor ang conference room. Sa ikapito hanggang sa ikalabing dalawang palapag ay nagsisilbing opisina ng ibang opisyales at stockholders ng kompanya.

Siguro ay may importanteng sadya ang lalaking iyon sa isa sa mga opisinang naroroon sa building. Pero ano nga ba ang pakialam ni Abby sa kung saang lupalop man ito pupunta? Hindi ba at ayaw na nga sana niya itong makita pa? Sana nga ay sa ibang opisina ito pupunta at hindi na sila magkaugnayan pa.

Nang bumukas ang elevator ay nagpatiuna na si Abby sa paglabas at hindi na inintindi pa ang lalaki. Kaagad siyang tumuloy sa opisina niya dahil aayusin pa niya ang mga reports na nasa folders na nagulo

kanina. Inabutan niya ang kanyang staff na nagdi-discuss ng ilang bagay.

"Good morning, Ma'am," bungad ng mga ito sa kanya.

"Ba't ngayon lang po kayo? Kanina pa namin kayo hinihintay para sa meeting," tanong ni Elaine, isa sa mga marketing staff niya.

Hindi pinansin ni Abby ang tanong. Sa halip ay nagtanong rin siya. "May naghanap na ba sa 'kin? May meeting ako ng eleven o'clock. Late na 'ko." Napatingin siya sa wall clock. Eleven fifteen na. Kaagad niyang binuksan ang mga dalang files at isa-isang inayos iyon.

"Wala naman pong naghanap sa inyo. Pero nag-intercom po kanina mula sa office ni Mr. Brooks na ipinadadala po sa inyo ang latest price list," sagot naman ni Myra.

"Sige, Myra. Pakihanda na lang."

"'Eto na po," anito.

"Sige, thanks. Ituloy n'yo na lang discussion ninyo. Paki-report na lang sa 'kin mamaya." Inayos niya lang ang sarili at tuluyan nang lumabas.

Pagdating niya sa conference room ay nakita

niyang naroon na nag mga ka-meeting. Bagaman hindi pa formally nag-uumpisa ang meeting ay kanya-kanya na ang usapan ng mga ito tungkol sa mga bagay-bagay concerning the company.

Naroon ang labindalawang members ng board of directors, ang ilang stockholders at siyempre pa ang mga officials at bosses ng *CZAR, Inc*. Hinahanap ng mga mata niya ang posibleng tinutukoy na marketing consultant ngunit nag-umpisa na ang meeting.

Isa-isang nagsalita ang mga managers ng iba't ibang department. Siyempre pa, nagsalita rin si Abby. Ini-report niya ang mga proposals nila ng mga bagong modelo ng kotse na ilalabas sa market at ang iba pang marketing concerns.

Nang matapos siya ay nagsalita na si Mr. Brooks. Ni-review nito ang mga reports ng department managers. Mayamaya pa ay sinimulan na nitong ipakilala ang bagong marketing consultant. Nagpamahagi ang secretary ng folders na naglalaman ng credentials ng ipinakilala. Ayaw mang tingnan ni Abby ang laman ng folder ay napilitan siya dahil siyempre gusto rin niyang malaman ang abilidad ng ipinagmamalaking tao ni Mr. Brooks at mapatunayan kung may ibubuga ito.

Binuklat niya ang folder at nakita ang personal information sheet. May picture iyon na scanned from a computer. Bago pa tuluyang banggitin ni Mr. Brooks ang pangalan ng consultant ay nakilala na iyon ni Abby. Muntik na niyang bitiwan ang hawak na folder. Ang sinasabing bagong consultant ay walang iba kundi si Gael Pervado.

"Ladies and gentlemen, I would like you to meet Mr. Gael Pervado, our new marketing consultant."

Umugong ang palakpakan.

Napalingon si Abby sa dulong bahagi ng conference room kung saan nanggaling ang lalaki. Napapikit na lang siya nang makasigurong si Gael Pervado nga iyon na 'dati niyang asawa'.

Nagtungo ito sa harapang bahagi ng conference room kung saan ito magsasalita. Gusto man ni Abby na magtago ay alam niya na useless rin dahil siguradong nakita na siya nito kanina nang siya ang nagsasalita.

Hindi niya maintindihan ang sinabi nito. Hindi rin siya nakikitawa sa paminsan-minsang pagbibiro ng lalaki sa gitna ng speech nito. Malayo ang takbo ng isip niya kaya nagulat pa siya nang tawagin nito ang atensyon niya.

"Right, Miss Afable?"

Ramdam niyang pinamulahan na naman siya ng mukha nang nagtinginan sa kanya ang lahat ng taong naroroon. Hindi siya makasagot sa tanong nito dahil ni hindi nga niya naintindihan o narinig man lang ang sinabi nito.

"Miss Afable?" ulit na tanong ng lalaki.

Hindi pa rin siya makaapuhap ng isasagot. "Pardon?"

"Miss Afable, I know I'm goodlooking but I never thought my looks could get your attention in a way that you couldn't think of anything else."

Umugong ang tuksuhan sa loob ng conference room. Pakiramdam ulit ni Abby ay umakyat ang lahat ng dugo niya papunta sa mukha niya. Napasandal na lang siya sa kinauupuan at kulang na lang ay lumubog sa kinalalagyan. Hindi na tuloy niya namalayan kung paano nagtapos ang meeting.

Nang oras na para sa munting salu-salo ay nakihalubilo si Abby sa ilang officers ng *CZAR, Inc*. Ngunit hinahanap ng mga mata niya si Gael. Nakita niya itong naka-share sa table ng ilang stockholders at members of the board of directors. Confident na confident ito sa pagsasalita habang giliw ng giliw

naman ang mga tagapakinig nito.

Mayamaya ay bumaling ang tingin ng lalaki kay Abby. Nagtama ang mga mata nila. Bagaman muling nakaramdam ng kaba ay hindi inalis ni Abby ang tingin. Hinihintay niya kung ano ang magiging reaksyon nito sa pagkakahuli sa tingin niya. Nakuha pa nitong ngumiti na sa tingin ni Abby ay parang nag-aasar pa. Bilang ganti ay inirapan niya ito nang ubod-talim.

Sakto namang kinausap si Abby ng isang director na kasalo niya sa mesa nila. “What can you say about Mr. Pervado, Miss Afable? Aren’t you threatened by him?”

Bigla na namang ninerbyos si Abby. Ngunit hindi niya iyon ipinahalata. Buong kumpyansa pa rin siya sumagot. “Why should I be, Sir? I am confident of what I have contributed to this company. He will probably just add ideas or accessorize the marketing concepts and standards that we have established.”

Napahanga sa sagot niya ang mga nakikinig. Dahil doon ay muling napatingin si Abby kay Gael na narooon pa rin sa mesa nito. Nasorpresa siya na ito naman ang nahuli niyang nakatingin sa kanya. Nakipagtitigan ulit siya rito habang nasa mga labi pa rin nito ang nakakalokong ngiti.

Sa loob-loob ni Abby, *Akala mo ikaw lang ang marunong mang-impress ng listeners?* Pero bandang huli ay natauhan siya at bumawi na ng tingin. Sa totoo lang kasi, unang pumasok sa isip niya na magre-resign na lang siya nang malaman niyang ito pala ang makakasama niyang consultant nila.

Nang matapos ang salu-salo ay balik na ang lahat sa kani-kanilang trabaho. Muling hinagilap ni Abby ang mga dalang folders na pinresent niya kanina. Palabas na siya ng conference room nang bigla na naman siyang nabangga at muling nagkalaglagan ang mga folders na dala niya. Napatingin siya sa nakabangga para lang ma-upset nang makitang si Gael na naman iyon. Hindi na niya hinintay pa na tulungan pa siya nito dahil nang una niya itong nakabangga kanina ay ni hindi ito nag-abala na tulungan siya o kaya ay humingi ng paumanhin.

Ngunit bago pa tuluyang madampot ni Abby ang mga gamit niya ay nauna na ito.

“Let me help you,” anito saka isa-isang kinuha ang mga papeles habang nakikidampot naman si Abby.

Nag-unahan pa silang makuha ang pinakahuling papel sa sahig. Nagkapatong pa nga ang mga kamay nila, si Gael ang nasa ilalim at nakapatong naman

ang kamay ni Abby. Nagkatinginan pa sila bago natauhan ring tumayo. Tumayo na rin ito mula sa pagkakayuko at iniabot sa kanya ang mga napulot na papeles.

Nang makuha ang mga gamit mula sa lalaki ay kaagad na tumalikod si Abby palayo dito ngunit pinigil siya nito.

"Miss Afable?"

Napalingon si Abby, nakataas ang mga kilay.

"Hindi mo pala ginagamit ang apelyido ko," ani Gael.

Napamaang si Abby sa sinabi nito. Hindi siya nakapagsalita.

"At sa tingin ko, wala ni isang tao rito ang nakakaalam na may asawa ka na."

"Hindi mo na 'ko asawa." Mahina ngunit mariin ang sagot niya.

"Since when?"

"Since the day you left me. Since the day you filed for an annulment."

Napatawa ito. "I never filed those annulment papers."

"What?"

"I never filed the annulment papers," ulit ni Gael. "So whether you like it or not, you're still my wife."

---

"How dare you!"

Hindi na ininda ni Abby kung napalakas man ang boses niya. Hindi siya makapaniwala sa sinabi ni Gael.

"H'wag mo naman akong tarayan. Pinagtitinginan na tayo, o."

Napatingin si Abby sa paligid. Pinagtitinginan na nga sila ng ilang empleyadong naroroon at pinagbubulungan pa. Binalewala lang niya ang mga ito.

"Ano ba talaga ang gusto mong mangyari?"

"Maybe we can talk about it over dinner tonight."

"Why don't we talk about it now!"

"Gusto mo bang malaman ng buong *CZAR* ang matagal mo nang inililihim?"

"H'wag mo 'kong i-blackmail."

"Of course not. I'll just wait for you at the lobby after office hours."

Hindi na nakapiyok pa si Abby dahil iniwan na siya ng kausap. Nagtuloy na lang siya sa opisina niya at nakisalo sa discussion with her staff kahit na physically present but mentally absent siya. Sumapit ang alas cinco na wala siyang naiintindihan sa discussion. Kaya hindi na siya nag-require ng overtime. At isa-isa nang nagpaalam ang kanyang staff.

Wala pa siyang balak umalis kaya pasandal pa siyang naupo sa kanyang swivel chair at nagmuni-muni. Paulit-ulit na bumabalik sa alaala niya ang mga nangyari mula sa kasalan noong Sabado hanggang sa kani-kanina lang. Nagulat pa siya nang biglang tumunog ang intercom.

"Hello?"

"Abby baby."

Hindi na niya kailangan pang tanungin kung sino ang nasa kabilang linya. "What?"

"I'm waiting for you here at the lobby."

"I'm not coming." Napipikon na siya sa panggigipit nito sa kanya.

"I'll wait for you." Demanding ang tono nito at ibinaba na ang telepono.

Lalo namang nainis si Abby. Kaya bilang ganti. Naisip niya na huwag itong siputin. "Bahala kang maghintay."

Kumuha siya ng makakain at maiinom sa ref at naupo siya sa couch at nanood ng TV sa loob ng opisina niya. Nagsimula siyang maglipat ng channels. Nang makahanap ng mapapanood ay hinubad niya ang suot na blazer at naiwan lang ang hapit na spaghetti-strapped blouse. Hinubad rin niya ang high-heeled na sapatos at itinaas ang mga paa sa center table. She started to make herself comfortable.

# 3

Mahigit isang oras ang lumipas. Hindi na ulit tumawag pa si Gael kaya naisip ni Abby na baka umalis na ito. Pero hindi pa rin siya lalabas ng opisina niya dahil tatapusin pa niya ang naumpisahang palabas sa TV.

Mayamaya pa ay nakarinig siya ng mararahang katok sa pinto. Naisip niyang si Juvy iyon, ang kanilang janitress.

"Pasok."

Narinig niya ang pagbukas ng pinto at ang mararahang yabag sa sahig. Napahilig pa ang ulo niya sa sofa habang hinihinaan ang volume ng TV.

"Juvy, akala ko wala ka. Hindi kita nakita maghapon, eh."

Kulang na lang ay mapatalon si Abby nang makaramdam ng halik na dumampi sa kanyang leeg. Huli na nang malaman niyang hindi pala si Juvy ang pumasok sa opisina niya. Kundi si Gael!

"What are you doing here?"

"You let me in, baby. Remember?"

"I thought you were Juvy."

"Wala ka yatang balak siputin ako, eh. You think, malulusutan mo 'ko?"

"What do you want?"

"Hindi mo ba ako papaupuin? Perhaps even offer me something to drink?" tanong nito habang tinitingnan ang kabuuan niya.

Biglang napalakad si Abby patungo sa mini-kitchen sa loob ng kanyang opisina. Gusto niyang takasan si Gael. Ngunit mukhang imposible iyon dahil sumunod ito sa kanya. Ito pa ang naglagay ng mainit na tubig sa tasang kinuha niya. Pero hinintay siya nito na magtimpla.

Nang makapagtimpla ay padarag na iniabot niya ang tasa kay Gael na halos matapunan ng mainit na inumin.

"Ano ka ba naman? Wala ka talagang kalambing-lambing sa katawan?"

Hindi pinansin ni Abby ang sinabi nito. Dali siyang bumalik sa couch kung saan nakapatong ang kanyang blazer at dali rin iyong isinuot. Naupo siya para isuot naman ang kanyang sapatos. Tinabihan siya ni Gael. Nang tatayo na siya ay pinigilan siya

nito.

Napatingin siya sa lalaki. Matiim na nakatingin ito sa kanya at nararamdaman niya ang pagnanasa sa mga mata nito. Well, hindi na bago iyon. Ngayon niya naiisip na iyon lang naman talaga ang gusto ng lalaking ito sa kanya. Hindi naman talaga siya minahal nito.

"Why are you here, Gael?"

Binitiwan siya nito at humigop ng kape sa tasa.

"Ano ba? Hindi mo ba sasagutin ang tanong ko?"

"So, what's that suppose to mean? Bakit ako nandito sa *CZAR* o bakit ako nandito ngayon sa office mo?"

"Pareho. Bakit bumalik ka pa dito sa Pilipinas?"

"I belong here. My heart belongs here."

Umiwas si Abby ng tingin sa lalaki.

"Ikaw, Abby baby. Ba't ka umalis sa Davao?"

Tuluyan na siyang napatayo at lumayo kay Gael.

"Tinatanong pa ba 'yon? Siyempre para makalayo sa kahihiyan ng nasira kong kasal."

"Sino ba ang sumira? Hindi ba ikaw naman?"

Napatingin lang si Abby nang masama sa lalaki. Naiinis siya sa mga pinagsasabi nito. "Kung wala kang importanteng sasabihin, pauwi na rin ako." Sinimulan niyang iligpit ang kanyang pinagkainan, ini-off ang TV at dinampot ang kanyang shoulder bag.

"Ba't nag-aapura ka ngayon? Kanina ayaw mo pang umalis?"

"Whatever! Basta kailangan ko nang umuwi!"

"Bakit? Hinihintay ka ba ng anak mo?"

"Anong anak?" Saka niya naalala na ang pagkakaalam nga pala ng lalaki ay buntis siya ayon sa natanggap nitong litrato noong gabi matapos ang kanilang kasal. "Oo!" kaila na lang niya.

"Okay. Ihahatid na kita."

"No need. I have my car." Pinalabas na niya ng opisina ang lalaki at isinusi iyon. Nagpatiuna siya sa paglalakad patungo sa elevator. Nang nasa loob na sila ng elevator, hindi na naman niya maiwasang mailang dahil dadalawa lang silang nakasakay. Mabuti na lang at walang ginawang kababalaghan ang lalaki.

Hanggang sa parking area ay nakasunod sa

kanya si Gael.

“Ayaw mo ba talagang ihatid kita?”

“No need. Just go home.” Pinagsaraduhan niya ito ng pinto ng kotse.

Ilang beses na niyang ini-start ang engine ngunit bigo siya. Tinatawanan na siya ni Gael habang nakapamaywang ito. Sa inis niya ay kaagad niya itong nilabas.

“What’s so funny?” Nakapamaywang rin si Abby.

“Junk na naman pala ‘tong car mo, eh. At hindi pa *CZAR* ha? Hindi ka pala loyal sa company.”

“Excuse  me. May *CZAR* din ako, nasa talyer nga lang. This was my first car.” Regalo sa kanya ng daddy niya ang *Toyota Corolla* na iyon noong graduation niya from college.

“’Yan na nga ang sinasabi ko kanina sa meeting. We should have a service reception here. Kumikita na tayo from our customers for repairs, may libre maintenance pa ng cars ng employees.”

Hindi niya pinansin ang sinabi nito at muling ini-start ang sasakyan ngunit ayaw talaga. Muli siyang lumabas at balak niyang humingi ng tulong mula sa loob ng building ngunit wala nang ibang

tao roon maliban sa guwardya.

"Hindi mo ba 'ko tutulungan?" tanong ni Abby.

"No, ihahatid na lang kita!" sabi naman ni Gael.

Ayaw pa ring pumayag ni Abby sa ideya nito. Kaya ang ginawa niya ay siya na lang ang nag-check ng engine. Pagkatapos ay ini-start ulit ang sasakyan ngunit ayaw talaga. Napilitan siyang kuhanin na lang ang kanyang bag mula sa loob ng kotse.

"Magta-taxi na lang ako."

"Ihahatid na kita."

"No thanks. Kaya kong mag-taxi."

"Ihahatid na kita. Ba't ba ang tigas ng ulo mo?"

"Ayoko nga."

"Heto ang sasakyan ko." Lumapit ito sa naka-park na *Nissan Frontier*. "I'll count to five, pag hindi ka pa sumakay, bubuhatin kita."

Naalala ni Abby ang *Nissan Frontier* na nag-over take sa kanya kanina. Walang iba kundi ang sasakyan ni Gael. Napilitan siyang sumakay na roon sasakyan nang ipagbukas siya nito ng pinto.

"So, where do you live?" tanong ng lalaki nang

paalis na sila.

"Ortigas."

"I'm sure your kid has a nanny."

"What?"

"Mag-dinner muna tayo."

Hindi na siya nagprotesta pa dahil alam naman niyang hindi na uubra. Dinala siya nito sa *Milton's Bar & Restaurant* na nasa Makati rin.

"How long have you been with William?" tanong ni Gael habang nag-dinner sila.

"It's none of your business."

"I want to know. Hindi rin pala kayo nagtagal ni Aljon."

"I haven't seen him since I left Davao."

"You're really a liar. Someone told me that the two of you lived here together for a long time."

*Saan na naman nanggaling ang balitang 'to?* tanong ni Abby sa sarili. Kunsabagay, ayaw na niyang makipagtalo pa kay Gael. Naisip niya kasing wala ring silbi ang kung anumang sasabihin niya rito. "Believe what you want to believe, Gael. It doesn't

matter to me anymore."

"You're engaged to William, right?"

"Yes."

"So, when are you planning to get married?"

"We haven't decided on the date yet."

"How can you marry him when you're still married to me?"

Gusto nang magwala ni Abby sa sinabi nito ngunit hindi na niya nagawa dahil sa pagdating ng waiter. Gusto niyang sampalin ang lalaki dahil sa muli nitong pagbalik sa buhay niya. Sa muling panggugulo sa nananahimik na sana niyang buhay.

"Yes, we were married. But I thought it was already annulled since your lawyers asked for my signature and had made it official. And if I only knew na babalik ka para guluhin ulit ang buhay ko, I should have married William early on. Why don't you just go back to the States and go home to your wife."

"Wife? You're my wife."

"What about Trixie?"

"What about her?" ganting tanong ng lalaki.

"Aren't you married to her?"

"Of course not. What made you say that?"

"You are the liar."

"I'm not lying."

"Hindi ba kasama mo siya nang pumunta ka sa States?"

"That's right. Pero hindi ko siya pinakasalan. She's married to someone else."

Natahimik si Abby. Hindi dahil sa mga narinig niya. Kundi dahil hindi niya alam kung maniniwala siya sa lalaking kaharap.

Si Gael ang bumasag ng katahimikan. "Matindi talaga ang galit mo sa 'kin, 'no? Pati ang parents mo. No doubt they didn't tell you about my letters and phone calls."

"What letters? What phone calls?"

"Never mind. Mas importanteng malaman mo na asawa pa rin kita. And if I were you, kalimutan mo na 'yang engagement n'yo ni William. Kailanman ay hindi kayo makakasal."

"How dare you!"

Gusto pa sanang sumigaw ni Abby dahil sa mga narinig ngunit siniil siya ng halik nito. Hinawakan siya nito sa leeg at hindi na siya nakawala pa.

Siyempre pa, nagustuhan rin naman niya ang halik na iyon kahit gaano pa niya itanggi sa sarili.

Mabuti na lang at nasa madilim na panig sila ng restaurant at wala pang maraming tao. Nang matapos ang eksenang iyon ay pareho lang silang tahimik na tinapos ang pagkain. Ilang oras pa ay naihatid na siya nito sa tinitirhan nila ni Tessa.

"Sa condo pala kayo nakatira. Nasaan ang anak mo?" tanong ni Gael nang nagpumilit itong ihatid siya hanggang sa kanilang unit.

*Umuwi ka na, puwede? Dahil wala akong ipapakilalang anak sa 'yo,* ani Abby sa sarili. Pinangatawanan na niya kasi na may anak na nga siya para hindi na sana siya guluhin nito. "Tulog na."

"Baka hindi pa. Gusto ko siyang makilala."

Nang makapasok sila sa unit ay nanonood ng TV si Tessa. "Tessa, where's Darlene?" tanong niya sa kaibigan. Pinanlakihan niya ng mata ang kaibigan para sumakay sa pagsisinungaling niya.

"Nasa kuwarto na yata," walang sablay na sagot

ni Tessa. Napatingin ito sa lalaking kasama ni Abby. Napasenyas sa kaibigan na tinatanong kung sino iyon.

"Si Gael." Iyon lang ang nasabi ni Abby at nakaintindi naman ang kaibigan.

"Hinahanap niya kasi ang anak ko. Gusto niyang makilala," dagdag pa ni Abby.

"A-ah. Tulog na, eh." Kaagad ring pumasok sa kuwarto si Tessa para hindi na ito madulas pa sa mga pinagsasasabi nila.

"Okay, never mind. Sa ibang pagkakataon na lang siguro. Uwi na rin ako. See you tomorrow," ani Gael saka mabilis na hinalikan si Abby sa labi.

"Ano ba?" Nagulat si Abby. Itinulak niya ito palayo. "'Wag mo nang uulitin 'yan. Kanina ka pa."

Tatawa-tawa lang na lumabas ang lalaki at kaagad niya itong pinagsarhan ng pinto.